



PAYO MULA SA MEDIA

PETSA: Oktubre 15, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tina Landis - 415.749.4900

Panawagan para sa mga application para sa Award sa Pamumuno ng Iligtas ang Hangin

Kinikilala ng Air District at Acterra ang mga pagsusumikap para mabawasan ang pagpaparumi sa hangin

SAN FRANCISCO – Inaanunsiyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang panawagan para sa mga application para sa 2019 na Pangkapaligirang Award sa Negosyo ng Acterra (Acterra Business Environmental Awards), kabilang ang *Award sa Pamumuno ng Spare the Air (Iligtas ang Hangin)*.

Para sa pangatlong taon, magiging sponsor ang Air District sa award kasama ng Acterra at ang 2019 na Acterra Business Environmental Awards.

Ang *Award sa Pamumuno ng Iligtas ang Hangin* ay ibibigay sa anumang pampublikong ahensiya, pribadong negosyo, non-profit o paaralan na nagpakita ng makabuluhang pamumuno para sa proyekto ng pagpapaganda ng kalidad ng hangin ng Bay Area. Maaaring kasama sa pagtutuunan ng pansin ng proyekto ang pagbawas sa mga nagpaparumi ng hangin, mga greenhouse gas, pag-iwas sa polusyon o pagbuo ng mga makabagong pamamaraan para sa mas malinis na hangin. Ang mga pampublikong ahensiya, pribadong negosyo, non-profit o mga paaralan na matatagpuan sa [siyam na county na hurisdiksiyon ng Air District](#) ay hinihikayat na [magparehistro at mag-apply](#) para sa *Award para sa Pamumuno ng Iligtas ang Hangin*.

Itatampok ang award sa paparating na seremonya ng 2019 na [Acterra Business Environmental Awards](#), ang isa sa pinakaluma at pinaka-prestihiyosong mga programa ng pangkapaligirang pagkilala. Kinikilala ng mga award ang mga nakamit ng mga organisasyon sa pamamagitan ng mga makabagong programa para sa pagpapanatili at kinikilala ang mga pangkapaligirang pinuno sa pamamagitan ng pagbibigay ng nagtuturong forum na nagdaragdag ng kaalaman at ang paggamit ng mga kasanayan para sa napapanatiling pagpapatakbo.

Tinatanggap na ngayon ang mga application para sa mga award sa online sa www.acterra.org/bea. **Ang huling deadline para mag-apply ay sa Disyembre 7, 2018.** Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.acterra.org/bea.

Ang Acterra (www.acterra.org) ay isang nonprofit sa San Francisco Bay Area 501(c)(3) na nakabase sa Palo Alto na nagsasama-sama sa mga tao para gumawa ng mga lokal na solusyon para sa isang maayos na planeta.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Iligtas ang Hangin, pumunta sa www.sparetheair.org.

###